Isagawa

# FILIPINO 2

**GAWAIN 1**

Unang Markahan: Modyul 2

**PANUTO:** Piliin ang angkop na magagalang na pananalita ang nararapat na gamitin.

1.Isang umaga ay nakasalubong mo ang iyong punung – guro malapit sa eskwelahan. Paano mo siya babatiin?

A. Magandang umaga po.
B. Magandang hapon po.
C. Hello!

2. Binigyan ka ng laruan ng iyong kuya, Ano ang sasabihin mo sa kanya?

A. Wala na bang iba?
B. Maraming salamat po kuya.
C. Walang anuman.

3. Nais mong manood ng telebisyon sapagkat natapos mo na ang iniutos na gawain sa iyo ng iyong ama, paano ka magpapaalam sa kanya?

A. Maari po ba akong manood ng telebisyon?
B. Manonood ako ng telebisyon.
C. Hindi na ako magpapaalam.

4. Hindi mo sinasadyang mabasag ang plorera na nakalagay sa mesa, ano ang sasabihin mo sa iyong ina?

A. Nay patawarin niyo po ako at hindi ko po sinasadyang masagi ang plorera.
B. Nay, kasalanan ko iyan ng kalaro ko.
C. Nay, bakit nakalagay ang plorera diyan? Nasagi ko tuloy.

5. Humingi ng paumanhin ang iyong kaibigan sapagkat nasira niya ang isa sa paborito mong laruan, ano ang isasagot mo?

A. Ayoko ng maging kaibigan ka.
B. Walang anuman, salamat.
C. Huwag kang mag-alala, pinapatawad na kita. Ipapaayos ko na lang iyan sa nanay ko.

LIVEWORKSHEETS